Grade 6

(GCED)

# Global Citizenship Education Lesson Exemplar

# FILIPINO

Copyright © 2021 Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding,
Philippine Normal University, and Department of Education-Philippines

All rights reserved. No part of this book may be reproduced or used in any manner without written permission of the copyright owner except for the use of quotations in a book review.

**Published by**
Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding
and
Philippine Normal University
Manila, Philippines

Learning Area: Filipino
Grade Level: 6
Title: Pagmamahal sa Kapayapaan Tungo sa Isang Maunlad na Lipunan
Project: Global Citizenship Education Curriculum Development and Integration in the Philippines

**Editorial Board**
Writer: Roane D. Taghoy-Moraga

Layout Artists: John Ray D. Barcena and Ariel C. Malate

Language Editor: Jasper P. Lomtong

Content Editor: Denmark L. Yonson

Developmental Editor: Denmark L. Yonson

Associate Editors: Serafin A. Arviola Jr., Carl O. Dellomos, Zyralie L. Bedural,
Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Managing Editors: Carl O. Dellomos and II Timothy D. Salegumba

Chief Editor: Carl O. Dellomos

**Reviewers**
Roel S. Cabungcag, Alejandre S. Fernandez Jr., Mariedel M. Repuesto, Mylyn M. Vallejo, Christopher R. Villaralbo, Mary Grace O. Awkit, Venus D. Bajao, Welbert D. Borlado, and Emerson O. Sabadlab

**Consultants**
Bert J. Tuga, Jocelyn DR Andaya, and Rita B. Ruscoe

**Project Management Team**
*Project Director: Serafin A. Arviola Jr.*
*Deputy Project Director: Carl O. Dellomos*
*Core Team Members: Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta*
*Faculty Assistant: Iona Ofelia B. Zanoria*
*Technical Assistants: II Timothy D. Salegumba and Jean Pauline E. Maur*

ISBN: 979-11-87819-31-8
APCEIU Publication Number: BE-RND-2021-067

**Learning Area:** Filipino

**Grade Level:** 6

**Quarter:** 1st

**GCED Domain/s:** Cognitive, Socio-Emotional, and Behavioral

**GCED Indicator/s:**

D1.1.e Evaluate appropriate actions, consequences, and implications;
D2.1.c Show concern and respect for humanity based on human rights; and
D3.1.a Demonstrate ethical and responsible behavior for a just and sustainable society

**GCED Theme:**

Institutions' Conflict, Social Justice, and Human Rights

**GCED Topic/s:**

Promotion and Advancement of Peace

**Enhanced Content Standard/s:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan maikling kuwento na may paksa tulad ng pagpapalaganap at pagsulong ng kapayapaan, politikal na pakikilahok at pakikisangkot, mga karapatang pantao at batas na kaugnay nito at pagsugpo sa mga di pagkakaunawaan, diskriminasyon at krimen.

**Enhanced Performance Standard/s:**

Nakapagsasadula, nakaguguhit o naisasaulo ang isang tula o awitin, na may paksa tulad ng kapayapaan, politikal na pakikilahok at pakikisangot, mga karapatang pantao at batas na kaugnay nito at pagsugpo sa mga di pagkakaunawaan, diskriminasyon at krimen na napakinggan at naisasadula ang paraan ng pagsugpo sa mga isyung ito.

**Time Allotment:**

60 minutes

# TABLE OF CONTENTS


**Lesson Title**

**Lesson Introduction**

Lesson Objectives (What I Need to Know/ Alamin) 4

Pretest (What I Know / Subukin) 5

**Lesson Proper**

Review (What's In / Balikan) 6

Activity (What's New / Tuklasin) 7-8

Discussion (What is It / Talakayin) 9

Enrichment Activities (What's More / Pagyamanin) 10

Generalization (What I Have Learned / Isaisip) 11

Reflection (Why is it meaningful and relevant / Isapuso) 12

Application (What I Can Do / Isagawa) 13

Assessment / Tayahin 14

Answer Key / Susi sa Pagwawasto 15

References / Sanggunian 16

# PAGMAMAHAL SA KAPAYAPAAN TUNGO SA ISANG MAUNLAD NA LIPUNAN



designed by freepik

<a href='https://www.freepik.com/vectors/background'>Background vector created by freepik - www.freepik.com</a>

# LESSON INTRODUCTION

**Alam mo ba?**

Ang Maikling Kuwento ay binabaybay rin bilang maikling kwento na nangangahulugang isang maikling salaysay patungkol sa isang mahalagang pangyayaring kinasasangkutan ng isa o ilang tauhan. Mayroon lamang itong isang kakintalan o impresyon. Itinuturing itong isang masining na anyo ng panitikan. Katulad ng dula at nobela, isa rin itong panggagagad ng reyalidad o katotohanan ng buhay. Si Deogracias A. Rosario ang itinuturing na "Ama ng Maikling Kwentong Tagalog".

Sa kuwentong babasahin sa araling ito ay makikilala mo ang mga tauhang may iba't ibang pananaw patungkol sa panunungkulan. Masasalamin sa kuwentong ito ang kahalagahan ng pagmamahal sa kapayapaan, pagpapahalaga sa pamilya at pagbibigay respeto sa may mga kapansanan.

# LESSON OBJECTIVE

## (WHAT I NEED TO KNOW / ALAMIN)

Magandang araw mag-aaral!

Binabati kita at matagumpay mong nalampasan ang ikalimang baitang. Ngayong nasa ikaanim na baitang ka na ay paniguradong mas marami ka pang matututuhan patungkol sa Wika at Panitikan.

Huwag kang mag-alala dahil ang iyong guro ay kasama mo sa iyong pagkatuto.

Matapos ang araling ito ay inaasahang magagawa at matututuhan mo ang sumusunod:

1. Nabibigyang kahulugan ang kilos at pahayag ng tauhan sa nabasang kuwento;
2. Naihahayag ang sariling opinyon o reaksyon sa nabasang kuwento patungkol sa pagmamahal sa kalayaan at pagrespeto sa may kapansanan; at
3. Napahahalagahan ang akda sa pamamagitan ng iba't ibang gawain kaugnay sa angkop at responsableng paraan sa pagpapanatili ng maayos at pantay na lipunan.

# PRETEST

## ACTIVITY (WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga sumusunod na kilos o pahayag ng tauhan . Tukuyin kung ano ang nais ipakahulugan nito. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. "Naku! Nandiyan na naman ang mga nambubulas sa akin. Kailangan kong makalayo."
   A. nanabik B. nababahala C. natuwa

2. Inilahad ni Dadong ang kaniyang kamay kay Beboy.
   A. nayayamot B. naguguluhan C. nakikipagkaibigan

3. Duguan ang puso ni Beboy na tumalikod mula sa mga nambubulas sa kaniya.
   A. nasasaktan B. nagtataka C. nasusuklam

4. Nais ipalatigo ni Mando ang kasaping nagkasala sa kanilang bayan.
   A. nagagalit B. nagagalak C. nababahala

5. Nagmamadaling pumunta si Dadong sa ilog upang makita ang kaibigan.
   A. nanabik B. nababahala C. natuwa

6. "Ipagpatuloy ninyo ang aking nasimulan. Mahalin ninyo ang ating bayan at panatilihin ang kapayapaan at respeto sa bawat mamamayan."
   A. nagtataka B. nababahala C. naghahabilin

7. Hinanap ni Mando at Pena si Beboy dahil padilim na ngunit hindi pa ito nakauuwi.
   A. nagagalak B. nananabik C. nag-aalala

8. Niyakap ni Luis si Mando na kanyang nakaalitan.
   A. pagpapatawad B. pang-uuyam C. pang-iinsulto

9. Iniligtas ni Beboy si Dadong mula sa kapahamakan.
   A. pagkaganid B. pagmamalasakit C. pagkatakot

10. Hinugot ni Ka Teban ang itak upang iligtas ang mga anak.
    A. pag-aalangan B. pagpapatawad C. pagmamahal

# LESSON PROPER

## REVIEW (WHAT'S IN / BALIKAN)

**Panuto:** Piliin mula sa loob ng kahon ang angkop na salita para mabuo ang diwa ng sumusunod na tanong. tanong.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Ano** | **Sino** | **Saan** | **Kailan** | **Paano** | **Bakit** |

1. __________ ang naging dahilan ng pagiging mapayapa ng kanilang lugar?
2. __________ ang masaya dahil nagkaroon ng bagong kaibigan?
3. __________ mo maipapakita ang respeto sa isang may kapansanan?
4. __________ nagkaroon ng hidwaan ang magkapatid?
5. __________ naglalaro ang magpinsan?
6. __________ dapat makauwi na ang dalawang bata?

**Pagtatanong**

Ang pagtatanong ay likas na sa tao. Ginagawa ito upang mangalap ng impormasyon sa paksang hindi masyadong naiintindihan o ikinalilitong unawain.

Ito rin ay ginagawa upang masiguro ang katotohanan ng isang bagay. Hindi maikakaila ang kahalagahan nito sa pang-araw-araw nating pamumuhay ngunit may ilang dapat tandaan sa pagsasagawa nito kagaya na lamang ng mga sumusunod:

- Maging magalang sa pagtatanong.
- Huwag magpaligoy-ligoy sa nais itanong o gustong malaman.
- Huwag kalimutang magpasalamat sa sagot na natanggap.

# LESSON PROPER

## ACTIVITY (WHAT'S NEW / TUKLASIN)

Basahin! (Gamitin ang Directed Reading Thinking Activity (DRTA) sa bahaging ito.

**Bayan ng Kalinaw**
Ni Roane D. Taghoy



*Larawan mula sa Laureta National High School*

Noong unang panahon, sa isang malayong nayon ng Mindanao ay may pamayanang hinahangaan ng lahat. Kilala ang lugar ng Kalinaw sa kanilang lider na si Ka Teban. Siya ay pinunong bantog sa pagiging matapat, patas, malakas at mapagmahal sa "kalinaw" o kapayapaan.

Si Ka Teban ay mayroong dalawang anak na sina Mando at Luis. Si Mando ay kinagigiliwan ng mga kababaihan sa angkin nitong tikas at lakas. Samantalang si Luis naman ay maliit ngunit lubhang matalino at maginoo.

Hindi kailanman naging usapin sa kanila ang susunod na magiging pinuno. Abala silang dalawa sa pagtulong sa ama sa pagpapalago ng kanilang bayan.

Isang araw, nasa kagubatan ang mga kalalakihan upang mangaso. Natuon ang buong atensyon ng magkapatid sa isang napakatabang baboy-ramo. Hindi tuloy nila napansin ang isang malaking ahas na "banakon" na palihim silang sinusundan. Ang ahas na ito ay lubhang makamandag kaya ito ay pinangingilagan.

Nakita ni Ka Teban ang pangyayari agad niyang hinugot ang matalim na itak upang tagain ang ahas ngunit naunahan siya nitong tuklawin.

Napatay ni Mando ang ahas.

"Ipagpatuloy ninyo ang aking nasimulan. Mahalin ninyo ang ating bayan at panatilihin ang kapayapaan at respeto sa bawat mamamayan," habol ang hiningang saad ni Ka Teban. Hanggang sa huling hininga ay kapakanan ng kanilang bayan ang nasa isip nito.

Lubhang nagluksa ang kanilang bayan. Hati ang desisyon kung sino kina Mando at Luis ang mamumuno.

Noong una'y wala pang nagiging problema ngunit makaraan ang ilang buwan nagkakainisan na ang magkapatid. Nais ni Mando na latiguhin ang kasaping nagkasala.
Dumaan ang maraming taon at nagkapamilya na ang magkapatid.

Si Mando ay nagkaroon ng anak na si Beboy mula kay Pena . Si Beboy ay may malaking pangangatawan at malakas gaya ng kanyang ama. Si Luis naman ay nagkapamilya kay Sita at nagkaanak din na nagngangalang Dadong na isang duling.

Naging napakaabala ng mga magulang ng dalawang bata sa pamamahala sa kani-kanilang pamayanan. Hindi nila napansin na binubulas na pala ang kanilang mga anak. "Beboy baboy!" Iyan ang parating naririnig ni Beboy mula sa mga kalaro. Imbes na patulan ay lumalayo na lamang siya na duguan ang puso.

Sa kabilang dako hindi rin nakaligtas si Dadong sa pambubulas. "Dadong duling!" Iyan naman ang masasakit na sigaw ng mga kalaro sa kaniya.
Nakita ni Ka Teban ang pangyayari agad niyang hinugot ang matalim na itak upang tagain ang ahas ngunit naunahan siya nitong tuklawin.

Minsan naisipan ni Beboy na maglakad sa kakahuyan hanggang sa hindi niya namalayang dinala na siya ng mga paa sa pinagbbabawal na ilog. Namangha siya sa linis at ganda ng nito. Sa araw ding iyon ay tumakbo si Dadong sa loob ng kakahuyan at nakarating sa ilog. Nakita niya ang isang batang lalaking abala sa panghuhuli ng isda. "Puwede ba kitang maging kaibigan?" nag-aalangang na tanong ni Dadong. "Oo naman!" payakap na sagot ni Beboy.

Naging matalik silang magkaibigan at naging madalas ang palihim nilang pagkikita.

Isang araw ay hindi napansin ng dalawa na papadilim na pala. Kinakabahan na ang kani-kanilang mga magulang dahil hindi pa sila nakakauwi. Hinanap sila ng mga ito mula sa kanilang mga kalaro ngunit walang makapagsabi sa kanila. Hanggang sa naisipan nilang maghanap sa kakahuyan.

Hindi namalayan ng dalawang bata ang biglang paglaki ng tubig at dahil hindi bihasa sa paglangoy si Dadong ay natangay siya ng malakas na agos. Hindi naman nagdalawang-isip si Beboy na tulungan si Dadong. Ito ang eksenang nakita ng magkapatid na Mando at Luis. Agad nilang tinulungan ang mga bata. Nahiya si Luis sa kaniyang kuya na si Mando nang maalala ang minsan ring pagsagip nito sa kaniya. Naalala naman ni Mando ang habilin ng kaniyang ama nang makita si Luis.

Nagkatinginan ang magkapatid. Bakas sa kanilang mga mukha ang pagsisisi. Unang humakbang palapit si Luis at lumapit din si Mando. Nakapagpatawaran sila at lumikha ng tulay sa gitna ng ilog. Tulay na muling magdurugtong sa kanila. Tulay na magdurugtong muli sa Bayan ng Kalinaw.

Nalaman din ng mga kalaro ni Beboy ang kabayanihang kaniyang nagawa at siya'y hinangaan ng mga ito. Humingi naman ng tawad ang mga kalaro ni Dadong.

Mula noon ay unti-unti nang bumalik ang dating sigla at kapayapaan ng Bayan ng Kalinaw bunsod ng pagpapatawad at pagmamahal sa kapayapaang sinimulan ni Ka Teban.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT / TALAKAYIN )

**Gawain 1: Pag-usapan Natin!**

**Panuto:** Batay sa kuwentong binasa, sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

1. Sino-sino ang pangunahing sa tauhan?
2. Ano ang dahilan ng alitan ng magkapatid?
3. Saan ang tagpuan ng kwento?
4. Kailan natuklasan ng magkapatid ang lihim na pagkikita ng magpinsan?
5. Paano hinati ang bayan ng Kalinaw?
6. Bakit nagka-ayos ang mga kapatid?
7. May kilala ka bang mga lider mula sa ating bansa maging sa ibang bansa na katulad ni Ka Teban? Isalaysay.

**Gawain 2: Punan Mo!**

**Panuto:** Tukuyin kung ano ang nais ipakahulugan ng kilos o pahayag ng sumusunod na tauhan. Isulat ang sagot sa kahong nakalaan.

| Tauhan | Kilos o Pahayag | Kahulugan / Nais Ipahayag |
|---|---|---|
| **Ka Teban** | Nakita ni Ka Teban na tutuklawin ng ahas ang kaniyang mga anak kaya dali-dali niyang hinugot ang itak upang tagain ang ahas. | |
| **Mando** | Bilang kaparusahan sa kasaping nagkasala ay nais latiguhin ito | |
| **Luis** | Pagbayarin na lamang ng buwis o pagtrabahuin ng doble ang kasaping nagkasala. | |
| **Beboy** | Lumayo na lamang si Beboy mula sa mga kaibigang nambubulas sa kanya. | |
| **Dadong** | "Puwede ba kitang maging kaibigan?" Nag-aalalang tanong ni Dadong. | |

## ENRICHMENT ACTIVITIES (WHAT'S MORE / PAGYAMANIN)

**Gawain 3: Ipahayag ang iyong Reaksiyon o Opinyon!**

**Panuto:** Isulat ang iyong reaksiyon o opinyon sa mga sumusunod na pangyayari o pahayag sa kahong nakalaan.

| Pangyayari | Reaksyon o Opinyon |
|---|---|
| 1. "Ipagpatuloy ninyo ang aking nasimulan. Mahalin ninyo ang ating bayan at panatilihin ang kapayapaan at respeto sa bawat mamamayan," habol ang hiningang saad ni Ka Teban. Hanggang sa huling hininga ay kapakanan ng kanilang bayan ang nasa isip nito. | |
| 2. Tinanggap ni Beboy si Dadong kahit ito pa ay duling at hindi kailanman binulas. | |
| 3. Humingi ng tawad ang mga kalaro ni Dadong sa kanilang ginawang pambubulas sa kaniya. | |
| 4. Hinangaan si Beboy sa kaniyang kabayanihang ginawa at kailan man ay hindi na binulas pa ng kaniyang mga kababata. | |

# LESSON PROPER

## GENERALIZATION (WHAT I HAVE LEARNED / ISAISIP)

**Pagbibigay Kahulugan sa Kilos o pahayag**

Mahalagang matutuhan natin ang tama at angkop na pagbibigay kahulugan sa ikinikilos o pahayag ng iba. Nakatutulong ito upang mas madaling maintindihan ang iba at maiwasan ang hidwaan o hindi pagkakaintindihan.

**Konsepto Kaugnay sa GCED:**

Malaki ang gampanin ng lider o pinuno sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan ng isang lugar. Hindi maikakailang kinakailangang taglay ng isang lider ang pagiging matapat, mabuti at may pagmamalasakit sa kanyang nasasakupan.

Kung babalikan ang kuwento ay nagkaroon ng alitan ang magkapatid dahil iba-iba sila ng pananaw patungkol sa pagpataw ng kaparusahan. Buhat sa alitan na hindi nahanapan ng agarang solusyon ay naging sanhi ito ng pagkawatak-watak at hindi pagkakaisa ng pamayanan.

Sa kasalukuyan dito sa ating bansa ay isinusulong ng Comission on Human Rights (CHR) ang makataong pagtrato at pantay-pantay na pagbibigay ng karapatan sa bawat mamamayan. Binibigyan din ng pagkakataon ang bawat isa na ipagtanggol ang sarili at dumaan sa tamang proseso bago hatulan.

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT / ISAPUSO)

**Gawain 4:** **Aking Pangako**

**Panuto:** Sa isang malinis at makulay na papel ay iguhit ang inyong kamay. Sa loob ng kamay ay isulat ang iyong Pangako patungkol sa pag-iwas sa anu mang gulo upang maisulong ang kapayapaan at pag-protekta sa mga may kapansanan.



Ako si ______________________________ ng taon at seksyon ______________________________ ay nangangako na iiwas sa anumang gulo upang maisulong at mapanatili ang kapayaan sa paaralan, sa bahay at maging sa komunidad. Hihikayatin ko rin ang aking mga kaibigan, kapamilya at kamag-aral na huwag mambulas sa mga may kapansanan sa halip ay protektahan sila at tulungan.

hand-palm-png-image-free-mockups

# LESSON PROPER

## APPLICATION (WHAT I CAN DO / ISAGAWA)

**Gawain 5: Aking Gawin Natin!**
(Hahatiin ang klase sa tatlong pangkat)

**UNANG PANGKAT:** *Conflict Tree Analysis*

| | |
|---|---|
| **Panuto:** | Gumuhit ng isang puno na may ugat, katawan at mga sanga, Sa loob ng limang ng minuto ay pag-usapan ang naging dahilan, suliranin at epekto ng pagkakaroon ng alitan ng magkapatid na Mando at Luis. Idikit sa ugat kung sa tingin ninyo ito dahilan o rason ng kanilang pag-aaway.<br><br>Sa katawan ng puno ang kanilang problema at sa mga sanga naman ang naging epekto. |

**IKALAWANG PANGKAT:** *Pagsasadula*

| | |
|---|---|
| **Panuto:** | Isadula ang angkop at responsableng paraan sa pagpapanatili ng maayos at pantay na lipunan. |

**IKATLONG PANGKAT:** *Pag-awit*

| | |
|---|---|
| **Panuto:** | Lumikha o pumili ng awitin patungkol sa angkop at responsableng paraan sa pagpapanatili ng maayos at pantay na lipunan. |

# ASSESSMENT

## TAYAHIN

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang mga sumusunod na kilos ng tauhan o pahayag. Tukuyin kung ano ang nais ipakahulugan nito.

1. "Ipagpatuloy ninyo ang aking nasimulan. Mahalin ninyo ang ating bayan at panatilihin ang kapayapaan at respeto sa bawat mamamayan."

   A. nagtataka B. nababahala C. naghahabilin

2. Hinanap ni Mando at Pena si Beboy dahil padilim na ngunit hindi pa ito nakauuwi.

   A. nagagalak B. nananabik C. nag-aalala

3. Niyakap ni Luis si Mando na kanyang nakaalitan.

   A. pagpapatawad B. pang-uuyam C. pang-iinsulto

4. Iniligtas ni Beboy si Dadong mula sa kapahamakan.

   A. pagkaganid B. pagmamalasakit C. pagkatakot

5. Hinugot ni Ka Teban ang itak upang iligtas ang mga anak.

   A. pag-aalangan B. pagpapatawad C. pagmamahal

6. "Naku! Nandiyan na naman ang mga nambubulas sa akin. Kailangan kong maka-layo."

   A. nanabik B. nabahala C. natuwa

7. Inilahad ni Dadong ang kaniyang kamay kay Beboy.

   A. nayayamot B. naguguluhan C. nakikipagkaibigan

8. Duguan ang puso ni Beboy na tumalikod mula sa mga nambubulas sa kaniya.

   A. nasasaktan B. nagtataka C. nasusuklam

9. Nais ipalatigo ni Mando ang kasaping nagkasala sa kanilang bayan.

   A. nagagalit B. nagagalak C. nababahala

10. Nagmamadaling pumunta si Dadong sa ilog upang makita ang kaibigan.

    A. nanabik B. nabahala C. natuwa

# ANSWER KEY

## SUSI SA PAGWAWASTO

| Subukin | Balikan | Tayahin |
|---|---|---|
| B | 1. Ano | 1. C |
| C | 2. Sino | 2. C |
| A | 3. Paano | 3. A |
| A | 4. Bakit | 4.B |
| A | 5. Saan | 5.C |
| C | 6. Kailan | 6.B |
| C | | 7. C |
| A | | 8. A |
| B | | 9. A |
| C | | 10. A |

**Gawain 1**
(Maaring iba-iba ang kasagutan)

**Gawain 2**
(Maaring iba-iba ang kasagutan)

**Gawain 3**
(Maaring iba-iba ang kasagutan)

**Gawain 4**
(Maaring iba-iba ang kasagutan)

**Gawain 5**
(Maaring iba-iba ang kasagutan)

# REFERENCES
## SANGGUNIAN

Asia-Pacific Center for Education in International Understanding, Department of Education, Philippine Normal University. Developing Gced Lesson Exemplars.

Areta, Gerry. C.; Cantillo M. L.; & De Guzman, Zyra R. Philippine GCED KSA Development and Integration. Learning Area: Mother Tongue

Department of Education. K-12 Most Essential Learning Competencies with Corresonding GC Codes.

비매품/무료
13370
9 791187 819318
ISBN 979-11-87819-31-8